PAGPAPLANO NG PAGLIKAS PARA SA MGA MAY-ARI NG ALAGANG HAYOP

EVACUATION PLANNING FOR PET OWNERS

Gumawa ng Iyong Supply Kit Para sa 14-Araw sa mga Kinakailangan ng Alagang Hayop sa Kalamidad

Ang paglikas na may kasamang alagang hayop ay may epekto sa pangkalahatang plano.

- ☐ **Pagkain at Tubig**
  14-araw na suplay lalo na para sa mga alagang hayop, kasama ang mga mangkok at manwal na abrelata.
- ☐ **Mga Gamot**
  Suplay ng mga gamot. Isama ang mga impormasyon tungkol sa kalusugan, bakuna at beterinaryo.
- ☐ **First Aid Kit**
  Tanungin ang inyong vet. Sa pangkalahatan, isama ang mga bendahe, tape, mga gunting, antibiotic na pinapahid, mga pang-iwas sa mga pulgas at garapata, mga latex na guwantes, isopropyl alcohol at saline solution. Isama ang first aid guidebook para sa alagang hayop.
- ☐ **Lalagyan ng Alagang Hayop sa Pagbuhat**
  Kinakailangan kung ililikas sa lugar na bukas para sa mga alagang hayop (isang alagang hayop bawat carrier). Dapat sapat ang laki ng carrier para makatayo at makaikot ang alagang hayop. Isulat sa carrier ang impormasyon tungkol sa iyo at ang pangalan ng iyong alagang hayop.

Department of Emergency Management
City and County of Honolulu
Kirk Caldwell, Mayor
650 South King Street
Honolulu, HI 96813
(808) 723-8960
Fax (808) 524-3439
www.honolulu.gov/dem
dem@honolulu.gov

- ☐ **Collar na may ID tag**
  Lahat ng mga alagang hayop ay dapat magsuot ng collar. Tanungin ang inyong beterinaryo tungkol sa permanenteng pagkakakilanlan gaya ng mga microchip.
- ☐ **Sanitasyon**
  Isama ang pet litter o dumihan ng alagang hayop at litter box kung naaangkop, mga diyaryo, mga paper towel, mga plastic na bag para sa basura at panlinis na solusyon.
- ☐ **Mga Litrato**
  Ang iyong litrato at litrato ninyo ng inyong alagang hayop ay makakatulong sa pagpapatunay sa pagmamay-ari at makakatulong sa paghahanap ng iyong alagang hayop kung mahihiwalay kayo. Isama ang mga impormasyon tungkol sa klase ng hayop, lahi, edad, kasarian, kulay at mga katangi-tanging katangian.
- ☐ **Mga Paboritong Gamit**
  Mga karaniwang laruan, mga treat o tulugan ay makakatulong sa pag-alis ng stress o pagpapakalma ng mga alagang hayop.
- ☐ **HNL.info**
  Gamitin ang HNL.info para sa patuloy na kaalaman ukol sa mga emergency, mga babala sa panahon, anunsiyo sa trapiko, at higit pa sa pamamagitan ng SMS o Email.

May mga pet friendly shelter o mga lugar na bukas para sa mga alagang hayop pero kinakailangang magdala ng kulungan, carrier o lalagyan para sa pagbuhat ng alagang hayop at mga kinakailangan para sa bawat alagang hayop.

MAGPLANO AT MAGHANDA

NGAYON PARA SA SUSUNOD NA KALAMIDAD

PLAN AND PREPARE NOW FOR THE NEXT DISASTER

Gumawa ng inyong 14-na-araw na Disaster Supply Kit (pinakamababang 14 na mga araw para sa bawat tao)

- ☐ **Tubig** Isang galon ng tubig bawat tao kada araw para sa inumin at sa sanitasyon.
- ☐ **Pagkain** Mga pagkaing hindi nabubulok na hindi kailangang lutuin. Mga survival o nakakapagbigay-lakas na pagkain gaya ng peanut butter, protein shakes, dried fruits o pinatuyong prutas & mani at iba pang nuts. Mga Formula para sa sanggol & pagkain para sa espesyal na pangangailangan.
- ☐ **Mga Kubyertos** Mga plato, mga kubyertos at manwal na abrelata.
- ☐ **Radyo** De-baterya o hand-crank na radyo na may hudyat tungkol sa Panahon ng NOAA.
- ☐ **Flashlight** na may ekstrang baterya.
- ☐ **Cell phone** at charger na solar.
- ☐ **Pito** Importante sa paghudyat ng tulong. Ang huni ng pito ay mas malayo ang nararating kaysa sa boses ng tao at mas kokonti ang lakas na kailangan kaysa sa pagsigaw.
- ☐ **Panakip sa Ilong at Bibig Kontra sa Alikabok** Makakatulong para masala ang may kontaminadong hangin.



Matuto

Pag-aralan ang mga kalamidad na makakaapekto sa iyo at sa iyong pamilya

Magplano

Gumawa at magsanay ng plano ng pamilya tungkol sa kalamidad. Magtalaga ng pangalawang lugar na pagtitipunan at isang taong kokontakin na taga-ibang isla.

PPagpaplano Tungkol sa Kalamidad Para sa Indibidwal, Pamilya at Negosyo

Ang pagpaplano tungkol sa kalamidad ay pangkalahatang responsibilidad. Rebyuhing maigi ang impormasyong ito at maglaan ng oras ngayon para pag-usapan & planuhin ang mga istratehiyang paghahanda kasama ng pamilya, mga kaibigan, mga kapitbahay at mga katrabaho.

Department of Emergency Management
City and County of Honolulu
Kirk Caldwell, Mayor
650 South King Street
Honolulu, HI 96813
(808) 723-8960
Fax (808) 524-3439
www.honolulu.gov/dem
dem@honolulu.gov

- ☐ **Sanitasyon** Mga mamasa-masang towelette, matitibay na bag para sa basura na may mga tali, hand sanitizer, toilet paper, baking soda/kitty litter para mabawasan ang amoy, at mga guwantes para sa pampersonal na sanitasyon.
- ☐ **Mga Gamit** Liyabe o plais para gamitin sa pagpatigil ng utilities, gaya ng koryente o tubig, basic tool kit, duct tape.
- ☐ **Mga importanteng dokumento at pera** Magdala ng mahahalagang papeles sa lalagyan na hindi nababasa.
- ☐ **Mga Mapa** Mga mapa ng lokal na lugar.
- ☐ **Medikal** Mga resetang gamot, mga salamin sa mata/contact lenses, mga gamit pangmedikal, at isang first aid kit.
- ☐ **Mga Alagang Hayop** Pagkain at ekstrang tubig para sa mga iyong alagang hayop.
- ☐ **Pangkalinisan** mga produkto para sa mga babae, mga personal na gamit pangkalinisan, mga lampin, mga gamit sa kawalang pagpipigil sa pag-ihi o pagdumi.
- ☐ **Mga Litrato** Magdala ng litrato ng sarili mo, ng iyong pamilya & mga kaibigan para makatulong sa paghahanap sa isa't isa kung mahiwalay kayo.
- ☐ **HNL.info** Gamitin ang HNL.info para sa patuloy na kaalaman ukol sa mga emergency, mga babala sa panahon, anunsiyo sa trapiko, at higit pa sa pamamagitan ng SMS o Email.